American Heart Association.

CARDIAC ARREST VS. ATAKE SA PUSO

Madalas naipagpapalit ng mga tao ang mga terminong ito, pero hindi sila magkapareho.

ANO ANG **CARDIAC ARREST**?

Sa CARDIAC ARREST, biglaang humihinto ang pagtibok ng puso. Kadalasan ay sanhi ito ng elektrikal na problemang nagdudulot ng iregular na pagtibok ng puso.

Kapag huminto sa pagbomba ang puso, hindi ito makakapagpadala ng dugo sa utak, mga baga, at iba pang vital organ.

ANO'NG MANGYAYARI

Puwedeng mawalan ng malay ang taong nakakaranas ng cardiac arrest. Puwede silang huminto sa paghinga o maghabol ng hininga.

Kung hindi sila matutulungan agad, posible silang mamatay.

ANO ANG DAPAT GAWIN

Kung nakakaranas ng cardiac arrest ang isang tao, ang agarang pagbibigay ng CPR ay magpapadoble o magpapatriple ng tsansa niyang mabuhay.

1. **Una, tumawag sa 911** (o sa lokal na emergency response number).
2. **Pagkatapos, simulang mag-CPR.** Kung may automated external defibrillator (AED) sa malapit, gamitin ito sa lalong madaling panahon.

Kung dalawa ang tumutulong, dapat magsimula na ng CPR ang isa. Ang isa naman ay dapat tumawag sa 911 at humanap ng AED.

Mahalaga ang bawat minuto. Nababawasan ng 10% ang tsansang mabuhay kada minuto kung walang tulong. Makakatulong din ang emergency staff na buhayin ang isang taong huminto sa pagtibok ang puso.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa CPR ng American Heart Association, kabilang ang mga training class sa iyong lugar, pumunta sa heart.org/ NATION. (website sa Ingles)

I-follow kami sa: @American_Heart



ANO ANG **ATAKE SA PUSO**?

Sa ATAKE SA PUSO, hindi nakakadaloy ang dugo sa isang bahagi ng puso dahil barado ang isang pangunahing daluyan ng dugo.

Kung hindi agad malulutas ang problemang ito sa sirkulasyon, magsisimulang mamatay ang bahagi ng puso na hindi nakakakuha ng sapat na dugo.

ANO'NG MANGYAYARI

Posibleng biglaan ang mga sintomas ng atake sa puso. Puwedeng kabilang dito ang mga sumusunod:

- Matinding kirot sa dibdib
- Pananakit sa iba pang parte ng itaas na bahagi ng katawan
- Pangangapos ng hininga
- Malamig na pawis
- Masama ang tiyan

Minsan, dahan-dahang nagsisimula ang mga sintomas at tumatagal nang ilang oras o araw. Hindi gaya ng cardiac arrest, kadalasan ay tuloy-tuloy ang puso sa pagtibok kapag may atake sa puso.

Kung mas matatagalan ang tulong, mas tumataas ang panganib sa puso.

Puwedeng atakihin sa puso ang sinuman. **Sa mga babae, mga taong may diabetes, at mga mas nakatatanda, posibleng hindi mapansin ang mga sintomas.** Halimbawa, puwedeng hindi sila makaranas ng kirot sa dibdib.

ANO ANG DAPAT GAWIN

Kahit hindi ka sigurado na isa itong atake sa puso, tawagan agad ang iyong lokal na emergency number. Mahalaga ang bawat minuto!

Pinakamaganda kung tatawagan ang iyong lokal na emergency number para makapunta sa emergency room agad-agad.

Masisimulan ng mga emergency medical service (EMS) staff ang paggamot pagdating nila. Kadalasan, mas mabilis ding nagagamot sa ospital ang mga pasyenteng nakakaramdam ng pananakit ng dibdib kapag hinatid sila ng ambulansya.

ANO ANG UGNAYAN?

Hindi nauuwi sa cardiac arrest ang karamihan sa mga atake sa puso. Pero karaniwang sanhi ang atake sa puso kapag nagkakaroon ng cardiac arrest.

May iba pang problema na puwede ring magpahinto sa pagtibok ng puso.

© Copyright 2025 American Heart Association, Inc., isang 501(c)(3) not-for-profit. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Trademark ng AHA. Ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit. WF777626 1/25